196. TAGABAGTAS				Ito ang tawag sa manggagawa sa koprahan na nagbabalat ng buko. Ito ay gumagamit ng itak kalawit at marami pang iba.					
197. TAGALUGKA				Ito ang tawag sa manggagawa sa koprahan na anghihiwalay					

				sa laman sa bao.					
198. TAKTAK					Ito ay ginagamit na pangkuha ng niyog upang hindi na ito damputin ng kamay. Ito ay malaking tulong sa tao upang hindi sila mapagod sa pagdadamp ot ng niyog at nakatitipid pa sa oras				
199. TALUKTOK				Parte ng puno ng niyog na kung saan makikita ang mga murang uri ng buko. Dito karaniwang makikita ang bugnoy.					
200. TANGAL	Ito ay nagmula sa isang uri ng kahoy, kung saan ay nagpapaasim , nagpapapula at								

	nagpapatang gal sa pagiging tuba								
201. TAPAHAN	Ito ang proseso ng niyog ay bibiladin sa ilalim ng araw upang matuyo	Ito ang ginagamit upang maibilad ang niyog sa mainit at malawak na lugar							
202. TAPASAN	Ito ay proseso ng pagtatapas ng niyog	Ito ay ang proseso kung paano bibiyakin ang niyog upang makuha ang laman nito. Proseso kung saan inaalis ang balat ng niyog I ang pag-alis ng bunot mula sa buong niyog							
203. TAPAYAN			Banga na pinaglalagyan ng langis o ng tubig ng buko						
204. TASA								Karne mula sa niyog o laman ng niyog	
205. TERSERA								Pangatlo; ikulong bilang ng panahon ng pag-aani ng niyog	

206. TIKIN	Tawag sa kahoy na pinaglalagiyan ng karit pagkatapos makuha sa puno	Ito ay ang kahoy na nagsisilbing lagayan ng karit upang makuha ang niyog galing sa mataas na puno nito	Kawayan na tinutungtungan ng mga magkokopra						
207. TIMBUN		Tawag sa pinagsama-sama o inipon na niyog mula sa pagkakawit nito sa puno							
208. TINAPASAN		Tawag sa binalatang niyog							
209. TINATALUPAN								Balatan; alisan ng balat	
210. TIYAKAD			Mga nakapakong kahoy sa puno upang mas madaling akyatin						
211. TUBA	Ito ay isang pinrosesong alak na nagmula sa dagta ng mga puno ng palma	Ito ay ang alak mula sa dagta ng mga puno ng niyog							
212. TUBAHAN								Ginagamit sa paggagawa ng tuba; patuluan ng sabaw ng buko na gagawing tuba	

213. TUGAYGAYAN				Ito ang tawag sa kariton upang hindi mangalay sa pagdadala ng buko. Ito ay may pagkakatulad sa karaniwang kariton na pinalaki lamang nang kaunti.					
214. TUKADOR	Ito ay isang lalagyan ng mga ginagamit sa pagproseso ng kopra								
215. TULYASE							Ito ay yari sa aluminum na ginagamit sa pagluto ng kopra		
216. TUMBONG				Ito ay makikita sa loob ng magulang na niyog. Ito ay kulay dilaw at maaaring kainin					
217. TUNGKLO				Ito ay ginagamit sa pagtungko ng gatong upang lumingas. Ito ay mahabang kahoy para maabot ang gatong.					

218. TUNGKOD			Sandalan ng niyog bago matuyo						
219. UBOD	Ito ay tinatawag ding puso ng palma								
220.UMALIS	Ito ay isang lubid na ginagamit ng mangungupr a kapag ito ay aakyat ng niyog								
221. UPAK								Paggawa ng bunot; halimbawa ang mga pinagbalatan ng niyog	
222. UWANG								Mga pesteng sumisira sa mga pananim na niyog.	
223. UYO							Tawag din sa dahon ng niyog na mabisang panggaton g		

APENDIKS E

**TALAAN NG MGA SALITANG
GINAGAMIT SA
PAGKOKOPRA
SA CAVITE**

(Mga Salitang Nalikom mula sa Pakikipanayam sa Mangongopra)

ABSTRAK

Pangalan: MARILOU S. MATILLA

**Pamagat: PAGBUO NG GLOSARYO NG MGA KATAWAGANG GINAGAMIT SA
PAGKOKOPRA SA CAVITE**

Degri: Master sa Sining ng Pagtuturo (Master of Arts in Teaching/MAT)

Espesyalisasyon: FILIPINO

Tagapayo: Dr. Lydia Liwanag

1.Layunin

A. Pangkalahatang Layunin

Pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ang makabuo ng glosaryo ng mga katawagang ginagamit sa pagkokopra sa Cavite.

B. Mga Tiyak na Layunin

1. Makapagtala ng mga katawagang ginagamit sa pagkokopra sa Cavite
2. Makabuo ng glosaryo ng mga katawagang ginagamit sa pagkokopra
3. Mataya ang ginawang glosaryo

II. Pamamaraan

Ang pag-aaral na ito ay nauuri sa klasipikasyong deskriptibo o palarawang pananaliksik na karaniwang ginagamit sa mga pananaliksik at pag-aaral na ukol sa panitikan, linggwistika at agham panlipunan.

Isinagawa ng mananaliksik ang mga sumusunod na hakbang upang maisakatuparan ang kasalukuyang pag-aaral.

1. **Pagkalap at pagbabasa ng mga kaugnay na aklat at pag-aaral**

Ang mananaliksik ay nagsimula sa pangangalap ng mga akdang kaugnay sa isasagawang pag-aaral. Ang mga babasahing napabilang dito ay yaong mga tungkol sa pagbuo ng glosaryo, mga aklat tungkol sa lalawigan ng Cavite at lalo't higit ay tungkol sa pagkokopra sa Cavite. Kasama naman sa mga babasahin kaugnay sa pag-aaral ang pag-aaral tungkol sa pagbuo ng glosaryo o 'di kaya nama'y mga pag-aaral tungkol sa lalawigan ng Cavite.

2. Pagsasagawa ng panayam sa mga maalam sa pagkokopra

Ang mananaliksik ay nagsagawa ng panayam sa mga maalam sa pagkokopra. Ang mga ito ay ang mismong nagsasagawa ng pagkokopra. Naghanda ang mananaliksik ng talatanungan para sa isinagawang panayam na naiging batayan niya sa pag-aaral. Ang mananaliksik ay nagtatala na ng mga salitang ginagamit sa pagkokopra ng mga tao na ito ang hanap buhay. Ito ay nangangahulugang mula muna sa kaniyang kinapanayan ang unang bahagia ng pagtatala ng salita.

3. Pagbuo ng Glosaryo

Mula sa mga naitalang salitang ginagamit sa pananaliksik batay sa pagbabasa at pakikipanayam ng mananaliksik ay kaniyang binuo ang unang burador ng kaniyang glosaryo. Ang unang burador ay isinagawa gabay ang pilosopiya ni Hartmann (2001).

4. Pagtataya sa Kabisaan ng Glosaryo

Upang matiyak ang kabisaan ng mga salitang naitala sa kaugnay sa pagkokopra ay ipinasuri ng mananaliksik ang mga salitang naitala sa mga mga eksperto sa wikang Filipino upang matiyak naman ang kawastuhan ng mga salitang ginagamit sa pagbibigay ng kahulugan sa mga salitang kaugnay sa pagkokopra.

Kinalabasan ng Pag-aaral

Pagkatapos na maisagawa ang lahat ng hakbang sa pananaliksik, nabuo ng mananaliksik ang Glosaryo ng mga Termino sa Pagkokopra. Binubuo ito ng 250 salitang lahok na mula sa iba't ibang bayan sa lalawigan ng Cavite. Bawat salita ay binigyan ng malinaw na kahulugan sa Filipino at mayroong mga pagkakataon na naglagay ng karagdagang paliwanag ang mananaliksik sa salitang lahok.

Bawat titik sa 28 letra ng Alpabetong Filipino at may salitang lahok, maliban sa titik F, J, N, NG, O, Q, V, X, Y, at Z. Samantala, pinkamaraming salitang lahok naman ang naitala sa titik P.

Napatunayan din ng kasalukuyang pag-aaral na mabisang gamitin ang mga katutubung salita sa iba't ibang bayan na siya naman talagang katawagan upang lubos na maunawaan ang mga kahulugan ng salita. Gayunman, hindi talaga maiiwasan ang paggamit ng mga salitang hiram lalo na sa wikang Ingles at mas makabubuti kung hihiramin ito ng buong-buo nang sa gayon ay lubos na maunawaan ang salitang binigyang kahulugan sa glosaryo.

Kongklusyon

Narito ang konklusyon batay sa isinagawang pag-aaral:

1. Napatunayan na ang wika ay kaakibat ng kulturang ginagalawan tulad sa pagkokopra. Higit na nagkaaunawaan at napauunlad ito ng mga taong kasangkot dito at may sapat na kaalaman sa mga leksikong katutubo sa pagkokopra.

2. Malaki ang maitutulong sa pagpapalawak ng talasalitaang Filipino kung patuloy na aalamin ang mga leksikong katutubo ng isang partikular na lugar sa Pilipinas upang mapalaganap ang hanapbuhay hindi lamang sa kanilang lugar kundi pati na rin sa iba pang lugar.

3. Napatunayang hindi basta-basta ang pagbuo ng glosaryo dahil kinakailangang dumaan ito sa maingat na pamamaraan at kailangan ng sapat na kaalaman sa wikang pinag-aaralan at pinagbabatayan ng mananaliksik.

Rekomendasyon

1. Patuloy na paunlarin ang wikang Filipino sa pamamagitan ng patuloy na paggamit at pagpapaunlad ng mga wikang katutubo sa Pilipinas.
2. Patuloy na makiisa sa mga napapanahong seminar-worskyap hinggil sa pagpapaunlad ng wika upang patuloy na maging maalam sa makabagong kaalaman ukol sa iba't ibang larangan
3. Magsagawa ng mga kaugnay na pag-aaral/ pananaliksik upang hindi manatili ang mga katanungan sa kahon na hindi mabigyan ng kasagutan dahil sa kawalan ng panahon upang hanapan ang mga ito ng sagot sa pamamagitan ng pagsasaliksik.
4. Gamitin ang mga salitang naitala sa glosaryong isinagawa ng mananaliksik upang makilala't mapaunlad ang pagkokopra

PASASALAMAT

Taos pusong nagpapasalamat ang may akda sa mga taong naging kabahagi sa pag-buo upang ang pag-aaral na ito ay naging matagumpay:

Dr. Lydia Liwanag, gurong tagapayo, sa kanyang motibasyon, sa kanyang matiyaga at walang sawang paggabay hanggang sa natapos ang pag- aaral na ito;

Sa mga kamag-aral , sa kanilang malasakit, mga suhisiyon habang isinasagawa ang pag-aaral;

Sa mga kaibigan, kapwa guro na nag-ambag ng mga karanasan sa kanilang naging pag-aaral upang maging inspirasyon at sa lahat ng pagpapalakas ng loob ;

Sa kanyang pamilya, sa pagsuportang pinansyal at pagbibigay ng inspirasyon upang panindigan ang pag-aaral at magawang ang lahat ng bagay ay maging posible;

G. Alex Matilla, sa magandang ala-alang iniwan niya na pinaghugutan ng inspirasyon upang ang pagaaral na ito ay nagkaroon ng katuparan;

Sa mga anak, Jhayrold(25), Glazy(21) at Arlof(10) na nagtiis ng pagkalinga sa nalolooban ng panahon ng pag-aaral na ito.

Una sa lahat ay sa Panginoong Diyos, sa pagbibigay ng buhay , talino at sa mga biyayang kailangan upang mabuhay;

M.S.M.

ANG SULIRANIN AT KALIGIRAN NG PAG-AARAL

1.1. Panimula

Ang wika ay hindi maihihiwalay sa kultura sa kadahilanang ang wika at kultura ay dalawang mahalagang komponent na laging magkaugnay. Ayon kay Leslie White (na binanggit nina Hunt, et al. 1987), ang kultura ay isang pinagsasama-samang penomenang nakabatay sa mga simbolo, gawain, bagay, ideya o mga gunam-gunam. Ito ay nangangahulugang ang kultura ay tumutukoy sa anumang natutuhan at pinagsasaluhan ng mga tao sa lipunan. Kasama rito ang wika. At sa pulitika ng mga kultura, ang mga nananaig at nananatili ay iyong kulturang makapangyarihan at malakas. Ang mga kulturang naglalaho at napapalitan ay ipinalalagay na kulturang mahina. Ito ang dahilan kung bakit ang mga kulturang nagpapalagay na sila'y superyor o makapangyarihan ang nagdidikta ng wika sa mga kulturang inperyor o hindi makapangyarihan. Samakatwid, ang pag-unlad ng wika ay siya ring pag-unlad ng kultura o di kaya nama'y ang pag-unlad ng kultura ay siya ring pag-unlad ng wika. Kaugnay nito, ang paghina naman ng alinman sa wika at kultura ay siya ring paghina nang isa pa. Ang salitang kultura ay mayroong napakaraming kahulugan kung susuriin. Ito ay maaaring magkaroon ng iba't ibang pakahulugan at interpretasyon batay sa kung sino ang magbibigay ng kahulugan at kung paano ito nauunawaan at nakikilala nito. Ang kultura ay ang pagkilala sa mahuhusay na panitikan, musika, art o maging pagkain. Sa isang taong higit na maalam sa siyensiya, ang kultura ay tungkol sa mga bakteryas o maliliit

na organismong parami nang parami sa isang partikular na lugar. Isang malawak na pagkilala naman ito sa pangkaasalang gawi ng mga tao kung ang pagbabatayan ay ang paniniwala ng mga antropolohiya. (Tylor ,1917).

Anumang gawaing nakapagpapakilala at nakapagbibigay ng identidad sa isang partikular na lugar ay maituturing na kultura. Bagamat ang kultura ay mahalaga at hindi maihihiwalay sa pag-unlad ng wika, nakasalalay pa rin sa mamayan kung papaanong mapayayabong ang wika kasabay ng pagyabong ng kultura. Ang tao ang nagbibigay hugis sa magiging katawan ng kultura't wika. Ang mamamayan ang bubuo ng imahe ng sarili niyang kultura't wika.

Dagdag pa ni Espiritu (2004), ang P/Filipino ay simbolo ng pagkakaisa at nasyonalismo ng mga Pilipino. Wikang Filipino ang gamit na Lingua Franca sa buong bansa ng mahigit 90% ng mga mamamayan at maging sa ibang bansa, naipakikilala ng mga Pilipino ang kanilang pinag-ugatan sa pamamagitan ng wikang ito. Kaugnay nito, marapat lamang na panatilihin ang mga salitang tanda ng isang maunlad na kultura lalo pa ang mga katutubong wika nito.

Ang wikang Filipino ngayon ay isang wikang gamitin at itinaturo, wikang buhay at patuloy na nililalang, may iba't ibang varayti ayon sa etnikong grupong gumagamit nito at hindi lamang ginagamit bilang wikang pang-araw-araw kundi isang wikang ginagamit sa iskolarling talakayan at pagpapahayag. (Espiritu, 2004)

Ang patuloy na paggamit at pag-aaral sa wika ang siyang nagiging behikulo ng pagkakaroon ng estandardisadong leksikon lalo pa kung ito ay hayagang ginagamit sa anumang intelektwalisadong mga gawain. Sa pamamagitan ng

paglinang ng estandardisadong leksikon, nagiging buhay ang wika at napalalago ito sa paggamit sa iba't ibang disipinang pang-edukasyon na nagiging daan sa pagtamo ng karunungan (Falcutilla at Pacaanas 2006 hango kay San Juan 2010)

Kaugnay ng pag-aaral na ito, kapansin-pansin ding napakarami ng mga wikang maliban sa Filipino ay dapat pang payabungin at paunlarin sapagkat tunay itong bahagi ng pang-araw-araw na gawain ng mga tao ganoon di'y bahagi ang wikang ito sa kanilang kultura.

Bibigyan ng pansin ng mananaliksik ang wikang ginagamit ng mga mamayang naninirahan sa Cavite na siyang pinagmulan ng mananaliksik upang makapagtala ng mga salitang gamitin sa isang hanapbuhay na tunay na malawakang itinataguyod at pinananatili sa lalawigan --- ang pagkokopra.

Dagdag pa ni Kluckhohn (1948), ang wika ay isang uri ng ugaling pangkultura. Ito'y kasasalaminan ng kultura ng isang lahi maging ng kanilang mga karanasan. Isang dahilang maituturing na nagaganap ang leksikulturasyon kung saan ang mga leksikong ginagamit ay naaayon sa kultura ng mga taong kabilang sa isang pangkat. At maging ang pagpapakahulugang leksikal ay naaayon rin sa kulturang kinabibilangan.

1.2. Batayang Konseptwal ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay batay sa mga sumusunod na teorya at simulain sa pagbubuo ng glosaryo:

Kapwa naniniwala sina Hartmann (2001) at Jackson (2002) na masalimuot ang paglikha ng anumang kompilasyong leksikograpikal dahil nangangailangan ng mahaba-habang proseso at pag-aaral mula pangangalap ng mga salitang lahok nito hanggang sa pagrerebisa ng pinal na awput nito.

Pinagbatayan ng mananaliksik ang kaisipan ni Hartmann kaugnay ng apat na bahagi ng prosesong leksikograpikal o paglikha ng mga diksyunaryo at iba pang sangguniang leksikograpikal: Ito ay ang fieldwork, description, presentation at revision. Ang fieldwork ay tumutukoy sa pangangalap at pagtatala ng mga salitang lahok sa tulong ng mga umiiral na corpus, database at mga konsultant. Ang description naman ay ang pagkakategorya ng mga salita at pag-eedit sa teksto habang ang terminong presentation ay patungkol sa panimulang pagpapalimbag at pagwawasto o proofreading. Pagsasagawa ng mga pinal na pagbabago kasama na ang abridgement o pagpapasimple ng teksto upang higit na maunawaan ng mga gagamit nito ang siyang tinutukoy ng revision.

Kinuha rin ng mananaliksik ang kaisipan ni Hartmann kaugnay ng pagtanaw sa leksikograpiya bilang gawaing pedagohikal o may kaugnayan sa pagtuturo-pagkatuto. Sa ilalim ng pananaw na ito, ang leksikograpiya at ang mga sangguniang leksikograpikal ay tinatanaw bilang mahahalagang kagamitang panturo. Ang mga diksyunaryo, glosaryo at iba pang sangguniang leksikograpiko ay dapat na magbigay-pansin sa mga interes at pangangailangan ng gagamit nito.


Hinalaw rin ng mananaliksik ang teoryang kolektibismo sa pagbuo ng anumang sangguniang leksikograpiko ni Jackson. Sa pananaw na ito, ang pagbuo

ng mga diksyunaryo at iba pang sangguniang leksikograpikal ay isang kolektibong proseso na hindi maaaring mabilis at mabisang maisagawa ng iisang tao lamang. Hinango rin kay Jackson ang pagsasagawa ng balidasyon ng binuong glosaryo. Unti-unting sinusulong ito dahil sa paghahangad ng mga leksikograper na magkaroon ng mas de-kalidad na mga sangguniang leksikograpikal. Sa pamamaraang ito mahalagang punahin ang mga kahinaan at kalakasan ng bubuuing glosaryo tungo sa lalong ikabubuti at ikagaganda nito.

Sa pamamagitan ng mga kaisipan at simulain nina Hartmann at Jackson kaugnay ng leksikograpiya nakabuo ang mananaliksik ng isang glosaryo ng mga katawagang ginagamit sa pagkokopra sa lalawigan ng Cavite.

Nasa susunod na pahina ang konseptwal na balangkas ng ginawang pag-aaral.

**PAGBUO NG GLOSARYO NG MGA KATAWAGANG GINAGAMIT SA
PAGKOKOPRA SA CAVITE**



Dayagram 1

Konseptwal na Balangkas

1.3. Paglalahad ng Suliranin

Pangkalahatang Layunin

Pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ang makabuo ng glosaryo ng mga katawagang ginagamit sa pagkokopra sa Cavite.

Mga Tiyak na Layunin

1. Makapagtala ng mga katawagang ginagamit sa pagkokopra sa Cavite
2. Makabuo ng glosaryo ng mga katawagang ginagamit sa pagkokopra
3. Mataya ang ginawang glosaryo

1.4. Kahalagahan ng Pag-aaral

Mahalaga ang gampanin ng wika sa anumang pagkakataon. Ang pag-aaral at pagtatala sa iba't ibang terminong ginagamit sa pagkokopra ay mahalaga para sa sumusunod:

1. Sa mga administrador

Mahalaga ang pag-aaral na ito para sa mga administrador ng mga paaralan lalo pa sa Cavite sapagkat ito ay makatutulong upang lalo pang mapayabong ang kurikulum na inihahain sa asignaturang Filipino sapagkat maaari itong maiugnay sa pang-araw-araw na gawain ng mga mamamayan sa lalawigan.

2. Sa mga guro

Ang pag-aaral na ito ay mahalaga sa mga guro sapagkat makatutulong ito upang mapayabong ang talasalitaan sa pagkokopra na siyang pangunahing kabuhayan ng mga magulang at/o pamilya ng kanilang mga mag-aaral.

Maidaragdag din ang mga salitang ito sa leksikong Filipino upang makatulong sa pagpapayabong ng wikang pambansa

3. Sa mga mag-aaral

Higit na mapalalawak ang kaalaman ng mga mag-aaral sa mga talasalitaan na ukol sa pagkokopra sa Cavite at magagamit ang mga salitang ito sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan. Magsisilbi rin itong tagapagkilala sa kanilang sariling kultura.

4. Sa mga mananaliksik

Mahalaga ang pananaliksik na ito sa mga susunod pang mananaliksik ng katulad na paksa sapagkat, maaari nilang pagbatayan ang mga teoryang ginamit ng mananaliksik sa pagbuo ng glosaryo at maaari ring mapadali ang pag-unawa ng mga mananaliksik sa iba't ibang katawagang ginagamit sa pagkokopra kung ang pagkokopra bilang hanapbuhay naman ang bibigyan nila ng pansin.

1.5. Saklaw at Delimitasyon ng Pag-aaral

Ang tanging saklaw ng pag-aaral na ito ay ang pagbuo ng glosaryo ng mga katawagang ginagamit sa pagkokopra sa Cavite. Ang pangangalap at pagtatala ng mga salitang isasama sa glosaryo ay magmumula sa iba't ibang munisipalidad ng Cavite tulad ng Alfonso, Bacoor, Carmona, dasmarinas, General Trias, Imus, Indang, Kawit at Silang. Sasakupin nito ang iba't ibang katawagang ginagamit sa pagkokopra ng magkakaibang lugar sa lalawigan.

Labinlimang maalam sa pagkokopra, wikang ginagamit sa pagkokopra at wikang Filipino ang magiging kalahok sa pagtataya sa isasagawang glosaryo.

1.6. Kahulugan ng mga Terminong Ginamit

Ang mga sumusunod na katawagan ay binigayng-kahulugan ayon sa pagkakagamit sa pag-aaral:

Diksyunaryo -	Sangguniang aklat na nagtatala sa kahulugan, etimolohiya, bahagi ng pananalita, halimbawa ng mga kontekstong pinaggagamitan at paraan ng pagbigkas ng mga salita. Ito ang pinakapangkaraniwang sangguniang leksikograpikal na binubuo ng makro at maykrostruktura, mga salitang lahok at mga apendiks at iba pang bahagi pagkatapos ng mga salitang lahok.
Etimolohiya -	Makaagham na pag-aaral sa pinagmulan ng mga salita. Ito ay bahagi ng diksyunaryo na nagpapaliwanag sa pinagmulan ng salita.
Glosaryo -	Isang uri ng diksyunaryo na sumasaklaw at nakatuon lamang sa isang partikular na larangan at kung gayo'y hindi ito isang pangkaraniwang diksyunaryo kundi isang bukod na akda ukol sa isang partikular na larangan.
Korpus -	Koleksyon ng mga salitang umiiral at gamitin sa panahong kontemporaryo. Ito ay sumasaklaw sa bawat

salita ng isang partikular na wika na nakatala sa mga komprehensibong sanggunian gaya ng diksyunaryo at karaniwang tinitipon ng isang propesyunal na organisasyon o ahensyang pang-edukasyon ng pamahalaan.

Leksikograpiya -

Sining at agham na pagbubuo at pagrerebisa sa mga diksyunaryo. Ito ay larangan ng leksikolohiya na sumasaklaw sa pangangalap, pagtatala at pagbibigay-kahulugan sa malaking bahagi ng korpus ng isang wika upang makabuo ng isang diksyunaryo.

Leksikolohiya -

Sangay ng linggwistika na nagsusuri sa mga talasalitaan, teyoretikal na pundasyon ng leksikograpiya na sumasaklaw sa pagsusuri at pagrerebisa ng mga sangguniang tulad ng diksyunaryo at glosaryo.

Pagkokopra -

Isang uri ng hanapbuhay na kung saan pinatutuyo ang laman ng niyog. Ito ang pangunahing sangkap sa pagsasagawa ng langis, sabon atbp.

Kabanata II

Mga Kaugnay na Literatura at Pag-aaral

Inilalahad sa kabanatang ito ang mga nakalap na datos mula sa mga kaugnay na mga aklat o babasahing limbag at mga kaugnay na pag-aaral tulad ng natatanging proyekto, tesis at disertasyon.

2.1. Mga Kaugnay na Literatura

2.1.1. Ang Leksikograpikal at Leksikolohiya

Binigyang-kahulugan ni Hartmann (2002) ang leksikograpiya na tumutukoy sa propesyunal na Gawain at akademikong larangan sa nakatuon sa mga diksyunaryo at iba pang katulad na sanggunian. Naniniwala siya na may dalawang pangunahing dibisyon ang leksikograpiya: 1). Ang lexicographic practice (pagbuo ng diksyunaryo) na iniuugnay niya sa industriya ng pagpapalimbag ng aklat; at 2). Lexicographic theory (pananaliksik ukol sa mga teorya sa pagbuo ng diksyunaryo) na iniuugnay naman niya sa mga akademikong pananaliksik sa mga larangang gaya ng linggwistika. Ang pagpapakahulugan at paliwanag ni Hartmann ay katulad ng pagpapakahulugan nina Jackson at Amvela (2007) sa aklat na Words,

Meaning and Vocabulary. Ayon sa kanila, ang leksikograpiya ay tumutukoy sa mga pamamaraan (techniques) at simulain na kaugnay ng proseso sa pagbuo at pag-eedit ng mga diksyunaryo.

Para naman kay Corelli (2002), ang leksikograpiya ay isang mahalagang sangay ng linggwistika na sumasaklaw sa teorya at praktika ng pagbubuo ng mga diksyunaryo samantalang binigyang kahulugan naman ng Merriam-Webster (2010) ang leksikograpiya bilang proseso ng paglikha o pag-eedit sa paggawa ng diksyunaryo at mga simulain at praktika ng paggawa ng diksyunaryo.

Kung susumahin, ang leksikograpiya ay tumutukoy sa sangay ng linggwistika na nakatuon sa proseso, teorya at praktika ng pagtitipon ng mga salita upang makabuo ng mga sanguniang leksikograpikal gaya ng diksyunaryo.

Anumang gawain sa leksikograpiya ay ginagabayan ng pangkahalatang proseso. Sa aklat ni Hartmann (2001) na *Teaching and Researching Lexicography*, tinukoy niya ang apat na bahagi ng prosesong leksikograpikal. Ito ay ang mga sumusunod: 1). Fieldwork – tumutukoy sa pangangalap at pagtatala ng mga salitang lahok sa tulong ng mga umiiral na corpus, database at mga konsultant; 2) Description – ito naman ay pagkakategorya sa mga salita at pag –eedit sa teksto; 3). Presentation – ito ay tumutukoy sa panimulang pagpapalimbag at pagwawasto; at 4). Revision – tumutukoy naman sa pagsasagawa ng mga pinal na pagbabago kasama ang pagpapasimple ng teksto upang higit na maunawaan ng gagamit nito. Kasama nito, ipinaliwanag din ni

Hartmann na may apat na pangunahing gampanin ng isang leksikograper o isang taong nagsasagawa ng prosesong leksikograpikal (halaw mula kay Zgusta, 1971): ang pangangalap ng mga salita (material), pamimili ng mga salitang lahok (entries), pagbuo ng depinisyon o deskripsyon ng mga salitang lahok at pagsasaayos ng mga salitang lahok.

Tinalakay rin ni Hartmann ang gampanin ng apat na protagonist sa paglikha ng isang sangguniang leksikograpikal gaya ng diksyunaryo: ang mananaliksik, ang tagalikha ng sanggunian (compiler), ang guro at mga mag-aaral/gagamit (user). Karaniwang iisang pangkat o kaya'y nagtutulungang magkahiwalay na pangkat ang mga mananaliksik at ang mga tagalikha ng sanggunian. Nangangalap sila ng mga salitang lahok para sa mga sangguniang leksikograpikal batay sa pangangailangan ng mga gagamit nito. Ang mga guro naman ang inaasahang magtuturo sa mga mag-aaral kung paano gamitin nang wasto ang mga sangguniang ito habang ang mga mag-aaral naman ang inaasahang gagamit ng sangguniang leksikograpikal bilang pantulong sa pag-unawa nila sa iba pang sanggunian o kagamitang panturo.

2.1.2. Ang Glosaryo at Ang mga Uri Nito

Karaniwang inaakala na ang diksyunaryo lamang ang matatawag na sangguniang leksikograpikal. Ngunit nilinaw ni Hartmann (2001) na tatlo ang pangunahing uri nito: 1). Ang Diksyunaryo – Binigyang kahulugan ito sa aklat na Dictionary of Lexicography bilang pangkaraniwang sangguniang leksikograpikal na

binubuo ng makro at maykrostuktura na tumutukoy sa panimula at iba pang nasa bahaging harap ng diksynaryo at mga deskripsyon o depinisyon ng mga salitang lahok.

Binanggit nina Davies at Elder (2004) sa aklat na *The Handbook of Applied Linguistics*, na ang glosaryo ay isang uri ng diksyunaryo. Inaakala na ang glosaryo ay talaan lamang ng mga salita at depinisyon na nasa mga huling bahagi ng isang teksbuk. Dahil dito, nilinaw nina Davies at Elder na ang glosaryo ay hindi lamang sa mga teksbuk matatagpuan. Ayon naman kina Susniene at Virbickaite (2008), ang glosaryo ay sumasaklaw at nakatuon lamang sa isang partikular na larangan at kung gayo'y hindi isang pangkaraniwang diksyunaryo lamang kundi isang bukod na akda ukol sa partikular na larangan. Samantala, tinukoy naman nina Tekoriene at Maskaliuniene (2004) na *terminological dictionaries* ang mga diksyunaryo.

Ayon naman sa Microsoft Encarta Reference Library (2005), ang glosaryo ay paalpabetong talaan ng mga termino; isang koleksyon ng mga terminong tiyak sa isang larangan kasama ang kahulugan ng mga salitang lahok at kadalasang isinasama sa apendiks o dahong-dagdag ng mga aklat. Binanggit din sa Encarta na ang salitang glosaryo ay nagmula sa salitang Latin na “glossa” na nangangahulugang salitang di malinaw ang kahulugan at sa salitang Griyego na glossa na nangangahulugan naman ng dila o wika.

Sa aklat na *Teaching and Researching Lexicography* nagbigay si Hartmann ng mga teorya kaugnay ng mga istruktura o kayarian ng isang

diksyunaryo. Ayon sa The New Oxford Dictionary of English (1998), ang istruktura ay ang pagkakaayos ng mga relasyon sa pagitan ng mga bahagi o elemento ng isang komplikadong bagay. Sa leksikolohiya naman, ang terminong istruktura ay ginagamit upang tukuyin ang pamamaraan na kung saan ang mga bahagi ng diksyunaryo ay iniuugnay sa isa't isa at sa kabuuan nito.

Ang pinakabatayang instrumentong ginagamit sa pagbibigay ng istrukturang impormasyon sa lahat ng uri nito ay ang listahan ng mga salitang lahok. Sa mga diksyunaryo at iba pang sangguniang leksikograpikal, ang mga impormasyon na iprinesenta ng mga tagalikha ng sanggunian (compiler) at kinonsulta sa mga mag-aaral (user) ay kailangang madaling makikita o makukuha.

Inisa-isa ni Hartmann ang teorya sa istruktura o kayarian ng mga diksyunaryo. Inilarawan niya na may iba't ibang bahagi ng isang sangguniang leksikograpikal katulad ng diksyunaryo. Ito ay ang mga sumusunod: 1). Megastruktura – tumutukoy sa kabuuan ng sangguniang leksikograpikal; 2). Makrostruktura – tumutukoy sa panimula at iba pang nasa bahaging harap ng diksyunaryo, mga salitang lahok at mga apendiks at iba pang bahagi pagkatapos ng mga salitang lahok; at 3). Maykrostruktura – tumutukoy sa deskripsyon o depinisyon ng mga salitang lahok.

Sa pamamagitan ng paglalarawan ng iba't ibang bahagi ng isang diksyunaryo, nabuo rin ni Hartmann ang anim na pananaw sa istruktura o kayarian ng diksyunaryo. Ito ang mga sumusunod:

1). Text structure (tekstong istruktural) – Ang teksto ng mga sangguniang leksikograpikal ay ang bahagi kung saan parehong nagtatagpo ang mga tagalikha at tagagamit ng mga sangguniang ito; ito ay kung saan ang mga impormasyon na hindi sigurado ay tamang-tamang matatagpuan o makikita ng mga tagalikha at madali namang makukuha ng mga gumagamit. Si Dubois (1970) ang unang manunulat na nagbigay atensyon sa diksyunaryo bilang isang teksto. Ang tekstong kabuuan ng diksyunaryo bilang sangguniang leksikograpikal tulad ng madalas nating nakikita ay isang diskursong binubuo ng listahan ng mga salita at ang panlabas nitong anyo;

2). Makrostruktura – Binigyang kahulugan ito nina Hausmann at Wiegand (1989) na set ng magkakasunod na lemmata o patnubay na salita na siyang basehan ng pagsasaayos ng mga salita sa listahan, pangkaraniwan sa pamamagitan ng kombensyunal na inisyal na salitang isinaayos ng isang grapikong simbolo. Ito ay maaaring salita sa salita o titik sa titik;

3). Maykrostuktura – Ito naman ay binigyang kahulugan nina Hausmann at Wiegand (1989) bilang istrukturang sunud-sunod na binubuo ng iba't ibang uri ng aytem na may magkakaparehong gamit. Sa madaling salita, ito ay isang paraan upang ipakita kung paanong ang iba't ibang impormasyong nakakategorya ay isinasaayos sa loob ng isang lahok o entri;

4). Mediostruktura – Ito ay isang istruktura o kayarian na hindi nabanggit sa artikulo ng WDD nina Hausmann at Wiegand subalit nito lamang ipinakita ni Wiegand na ang diksyunaryong cross-reference na nasa ilalim ng

mediostruktura ay maaaring makapangyarihan ngunit maaari ring maging komplikado at magdulot ng kaguluhan o pagkalito sa mga gumagamit. Inuri at kinilala ni Wiegand ang iba't ibang cross references tulad ng mga sumusunod: a). mula sa iisang lahok papunta isa pang lahok; b). mula sa maraming lahok papunta sa harap na bahagi o gitnang bahagi o huling bahagi; c). mula sa maraming lahok papunta sa mga ilustrasyon o indeks ng mga sangunian; o maaari rin naming d). mula sa isang diksyunaryo papunta sa iba pang diksyunaryo. Binanggit din ni Wiegand na ang kagamitang magagamit sa pagsasaayos ng sunud-sunod ay ang patnubay na salita at indeks na may pangunahing layunin na hasain sa paggamit ng pinakaloob ng sangguniang leksikograpikal ang sinumang gagamit.

5). Access Structure (Istrukturang madaling gamitin) – Binigang kahulugan ito nina Bergenholtz at Tarp (1995) bilang istruktura ng leksikograpikal na nagtuturo sa mga gumagamit na ang mga impormasyon ay kailangan at kailangan din itong hati-hatiin. Binigyang-kahulugan naman ito nina Hausmann at Wiegand (1989) bilang panloob at panlabas na akses (access) batay sa kung ang paghahanap ay nakabase sa punung salita ng isang partikular na lahok o sa partikular na impormasyong nakakategorya sa loob ng lahok na salita.

6). Distribution Structure (Istrukturang Distribusyon) – Ito ay istruktura ng mga impormasyong linggwistika at encyclopedic na nasa loob ng iba't ibang bahagi ng diksyunaryo.

Ayon naman sa isinagawang pag-aaral nina Falcutla at Pacaanas (2006), may iba't ibang mga teoryang maaaring makatulong at maging saligan sa pagbuo ng diksyunaryo. Ang mga teoryang ito ay:

a) Teoryang Subcategorization

Pinagsanib na teoryang subcategorization at valences ang mga impormasyong sa mga posibilidad ng ketokasyon ng isang salita karanasan ang hulwarang sintaktik at ang bawat diwa ng salita sa kaso ng maraming kahulugan bang ng pinagsab na pwersa ng mga linggwistang Amerikano.

b) Teoryang Valance

Isa sa naging kapaki-pakinabang na resulta ng pag-unlad ng linggwistika ay ang pagbibigay atensyon sa pag-aaral ng leksikon. Ang linggwistikong historical ay nakapagdudulot din ng interes sa etimolohiya at semantikong historical. Gayundin, ang istrukturalismo sa Europa tulad ng mga pag-aaral ni Lucian Teorice ay nagbigay daan sa paggamit ng teoryang valances na naging bukal na kaalaman sa leksikograpiya

c) Teoryang Prototipo

Sa teoryang ito ang mga parirala na nominal ay ipinakikita at ipinaliliwanag bilang kabuuan o interaksyon ng eksistensyal o intensyunal na kahulugan ng pangngalan at mga katangiang pinagsanib. Nagpapatunay lamang na ang wika ay mekanismong tinatawag na leksikalisasyon na nagbibigay daan sa pagiging istablisado ng isang leksikal na yunit ang pagsasantabi ng posibleng kahulugan ngunit nangangahulugan ng pagwawaksi ng ibang posibleng kahulugan.

d) Teoryang Cobuild

Isa sa pangunahing katangian ng Cobuild ay ang indeksikalidad ng teksto na naglalagay sa mga mambabasa sa sitwasyong tila nasa direktang diskurso. Sa pangkalahatan, ang leksikograper ng Cobuild ay sumasandal o umaasa sa home-sense ng mga mambabasa at ng paggamit ng mga kaalaman sa ekstralinggwistikang pananaw.

e) Teoryang Australex

Mabilis na umuunlad ang gawaing pangleksikograpiya sa Australia. Nabuo ang Australex (Austrian Lexicographic Society) na pinangunahan nina Loyhen at Nash (1983) sa kanilang paglikha ng diksyunaryo na ang kahulugan ay leksikal na aytem ng inilarawan na abstraktong paraan at pagbanggit ng isang tagaganap.

f) Teoryang Wiersbicka

Sinasabing ito ay isang modelo para sa paglalarawan ng kahulugang leksikal na binubuo ng mga eksena. Ang mga eksenang ito ay nasusulat sa limitadong wika nang hindi ginagamit ang di nabigyang kahulugan ng salita (Wierbicka, 1983)

2.1.2. Mga Hakbang sa Pagbuo ng Glosaryo

Anumang gawaing nais na makabuo ng isang produkto ay dumadaan sa isang masusing proseso. Sa kaniyang aklat ay nabanggit na ang pagbuo ng glosaryo ay isang gawaing nangangailangan ng malaking oras na gugugulin sa iba't ibang prosesong pagdaraan nito. Dagdag pa ni Hartmann (2001), ang mga

sinaunang tagagawa ng diksyunaryo ay natutuhan ang paggawa nito sa pamamagitan ng prosesong *trial and error* na kung saan maging ang kanilang suwerte ay inaasahan din sa paggawa ng kanilang produkto. Ang naging pangunahing suliranin umano noon ay ang kawalan o di kaya nama'y kakulangan ng mga manwal, oda, aklat at iba pang kagamitang maaaring gamitin upang makapagbigay ng direksyon o makatukoy sa mainam na gagamitin sa proseso ng pagbuo ng diksyunaryo. Naging suliranin din umano ang pagkakaroon ng iba't ibang katawagan ng nabuong produkto. Ito ba ay panlahatan, bilinggwat, monolinggwat at iba pa. Naging mailap din sa unang bahagi ng pagkakakilanlan ng paggawa ng diksyunaryo ang isang teoryang maaaring makatulong sa paglikha ng banghay nito. Binigyan din ng pansin ni Hartmann (2001) ang dahilan at mga kinakailangang isaalang-alang ng mga manunulat sa paggawa ng diksyunaryo. Ang ilan sa mga nabanggit na dahilan ay ang pagsulat para magkaroon ng kabuhayan at makapag-ambag sa kanilang larangang kinabibilangan. Ang ilan sa mga kinakailangang bigyan ng pansin ng manunulat ay binanggit ni Hartmann (2001) at pinangkat sa lima:

- Gaano karami at ano-anong kagamitan ang kinakailangang isaalang-alang sa paggawa ng diksyunaryo
- Paanong makakakalap ng datos at maisaayos ang mga ito bilang bahagi ng produkto
- Papaanong maipaliliwanag ang kahulugan ng mga salita
- Paanong mabibigyang pansin ang iba't ibang aspeto

- Papaanong maitatala ang wastong pagbigkas ng mga salita

Ayon kay Hartmann (2001), upang maisagawa ang sistematikong pagbuo ng isang glosaryo ay kinakailangang isaalang-alang ang apat na bahagi. Ang unang proseso nito ay ang pangangalap at pagtatala ng mga salitang kaugnay sa gagawing glosaryo sa tulong ng mga umiiral na mga tinatawag na corpus at mga kalahok sa pag-aaral. Ang ikalawa ay ang pag-edit at pagkakategorya sa mga nakuhang datos batay sa mga klasipikasyong inihanda ng mananaliksik. Ang ikatlong proseso ay tumutukoy naman sa paggawa ng unang burador ng isasagawang glosaryo. Ang ikaapat at pinal na gawain naman ay ang pagwawasto sa mga termino batay sa mga puna ng mga taong maalam sa wika ganoon din sa larangang kinabibilangan ng isinagawang glosaryo.

Isa sa mga modernong leksikograper pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay si Wahrig (1967) na siyang nagpalathala ng isang buklet sa pamamagitan ng report para sa institusyon ng mga German na tagapaglathala upang mag-imbestiga kaugnay ng pagbebenta ng mga aklat. Nakapagbuo si Wahrig (1967) ng ilang ideya sa semantikong istruktura at isinama sa isang mas sistematikong presentasyon ng mga kahulugan para sa isang diksyunaryo. Ang (BERTELSMANN) Deutsches Worterbuch (1966) at bahagi ng kanyang ekspositoring sanaysay ang limang matagumpay na hakbang sa pagbubuo ng isang diksyunaryo. Ang mga ito ang mga sumusunod: 1). Panganagalap ng mga datos (data collection) na maaaring sa ibang diksyunaryo o sa ibang sanggunian; 2). Pagdaragdag ng mga etimolohiyang pinagmulan; 3). Pagdaragdag ng mga

semantikong impormasyon at gamit para sa pangkabuluhang bokabularyo; 4). Pagdaragdag ng kahulugan sa mga teknikal na salita; at 5). Pinal na pag-eedit kabilang na ang pagbigkas, transkripsyon at mga detalyeng gramatikal.

Ang Czech-American na si Zgusta (1971) ay sumubok din na magbahagi ng kanyang karanasan sa aklat na *Manual of Lexicography* ng nalalaman niya kaugnay ng apat na pangunahing gawain ng isang leksikograper. Ayon sa kanya para sa isang matagumpay na pagbubuo ng isang diksyunaryo kailangang sundin ang mga sumusunod na hakbang: 1). Panganagalap ng mga salita; 2). Pagpili ng mga lahok na salita; 3). Pagbubuo ng mga lahok na salita; at 4). Pagsasaayos ng mga lahok na salita. Ipinaliwanag ni Zgusta na alam ng bawat leksikograper ang hirap sa pagpili ng mga salitang lahok kaya naman sa bawat oras na kailangang magdesisyon at walang maisagawang hakbang, nararapat lamang na magsaliksik kaugnay ng suliranin ng isa hanggang dalawang taon.

Isa pang sumubok na magpresenta ng mas kumpletong pamamaraan sa pagbubuo ng diksyunaryo ay si Singh (1982) na naglaan ng tatlo sa walong kabanata ng pag-aaral ng leksikograpiya sa bansang India. Ayon sa kanya may tatlong prosesong dapat pagdaanan ang pagbubuo ng diksyunaryo at ito ay ang mga sumusunod: 1). Paghahanda kabilang na ang pagpaplano; 2). Pagrerebisa ng mga lahok na salita; at 3). Preparasyon ng pagsasakopya o paglalathala kasama ang pagkokonsidera sa interes ng pagkakaiba ng iba't ibang uri ng diksyunaryo sa ibat ibang rehiyon.

Kinilala naman ni Landau (1984) ang tatlong pangunahing hakbang sa pagbubuo ng diksyunaryo para sa kanya. Ito ay ang pagpaplano, pagsusulat at pagpapalathala. Isa-isa niyang inilarawan ang mga ito mula sa pangangalap ng mga sanggunian at pagpili ng mga salitang lahok na bibigyan ng kahulugan, pag-iimprenta at pag-eedit na may kasamang pagpapahalaga sa pagsasaayos ng iskedyul, pagbubudget at pagrerebisa.

Si McGregor, manager ng proyektong Longman Dictionary of Contemporary English (LDOCEI, 1978), sa isang maikling papel na tinukoy bilang pangkabuuang editor ng diksyunaryo ay tumukoy ng dalawang pangunahing hakbang, ang pagpaplano at pag-iimplementa. Subalit kung ikukumpara ito sa mga pahayag ni Landau nasasabing kinokonsidera ito bilang abstraktong desiderata kaysa sa isang makatotohanang detalye.

Nito lamang taong 1990, tinalakay ni Dubois ang kanyang karanasan bilang editor sa The organization du travail lexicographique kaugnay ng paglalathala ng The Grand Dictionnaire Encyclopedique Larousse (GDEL, 1982-1985) na may sampung kopya ng paglalathala. Batay sa pag-aaral na isinagawa ng kanyang pangkat, kinailangan nilang magdesisyon kaugnay ng pagpili ng mga salita na mula sa pangkabuuang salita laban sa mga tiyak na terminolohiya, ang paggamit ng mga pangalan, ang kontrol sa dokumentasyon at ang pagkakaroon ng ekspertong magbabahagi sa diksyunaryo bago pa ito tuluyang hatiin sa iba't ibang bahagi.

Si Svensen (1993) sa kanyang aklat na may pamagat na *Principles and Methods of Dictionary-making* ay naglaan ng isang buong kabanata kaugnay ng pagbubuo ng isang diksyunaryo sa aklat. Binigyang halaga niya ang pagpapalano kaysa sa pag-iimplementa subalit nagbigay rin siya ng mga makabuluhang komento sa parehong proseso. Nagbigay siya ng magkahiwalay na komento sa mga suliranin sa pagsasa-computer ng diksyunaryo sa mga sumusunod na bagay tulad ng 1). Ang mismong proyekto – diksyunaryo, pag-alam sa pangangailangan, 3). Pangunang pagpapalano, 4). Pangunang pagsusuri, 5) Pagrerebisa ng plano, 6). Paghahanda ng mga salitang lahok, 7). Pagbuo ng pinal na plano, at 8). Pag-iimplementa nito.

Sa unang paglalathala ng aklat sa pananaliksik sa mga diksyunaryo, naglaan si Wiegand (1998) ng isandaan at labingdalawang pahina kaugnay ng prosesong leksikograpiya, ang una ay walang suporta ng kompyuter at pagkaraan ng mayroon nito. Limang hakbang ang isa-isa niyang inilarawan at ito ang mga sumusunod: 1). Vorbereitungsphase o paghahanda; 2). Materialbeschaffung o pangangalap ng mga datos; 3). Materialaufbereitung o pagproposeo ng mga datos; 4). Materialauswertung o pagrerebisa; at 5). Satz-und Druckvorhereitung o pagpapalathala. Bawat isa ay masusing inilarawan at binigyan ng angkop na terminong dapat gamitin.

Sa kabuuan lumalabas na ang lahat ng pagbubuo ng diksyunaryo ay nangangailangan ng pagpapalano na may kasamang mga elemento ng tatlong hakbang. Ito ag fieldwork o pangangalap ng mga datos, description o pag-eedit ng mga teksto at ang presentation o pagpapalathala. Mapasahanggang ngayon ay wala

pa ring teorya na masasabing lubhang makabuluhan sa pagbubuo ng diksyunaryo, ang lahat ay nakabatay sa kung sino ang gagawa at sa kung sino ang gagamit ng bubuuing sangguniang leksikograpikal.

2.1.3. Ang Pagkokopra sa Lalawigan ng Cavite

Ayon kay Gleason, ang wika ay nakabatay sa kultura. Ito ay nangangahulugan na dahil sa pagkakaiba-iba ng kultura ng bawat pangkat ng tao ay naiiba o nababago rin ang wika ng mga ito. Katulad sa larangan ng pagkokopra, may mga salita o terminong mayroon ang isang lugar ngunit wala ang iba depende sa kanilang pangangailangan para sa mga terminong ito. Isang malaking sangkap ng hanapbuhay na pagkokopra ay ang buko.

Ayon kay Grimwood (1975) sa kanyang aklat na Coconut Palm Products (Their Processing in developing Countries), ang puno ng buko ay ang pinakaimportante sa lahat ng pinagkakakitaan at inaalagaang puno sa Pilipinas. Sinasabing nahigitan pa nito ang sinaunang panitikan lalo na ang pinakaunang klaseng nadiskubre, ang *cosmos* ng Alexandria. Sa loob ng ilang siglo, ang buko ay kinikilala bilang isa sa pinakamahalagang tanim sa buong mundo. Ang prutas, dahon, at kahoy ay nakagagawa ng libo-libong mga kagamitang maaaring mapagkakitaan. Nakagagawa rin ito ng pang-araw-araw na kailanganin tulad ng pagkain, inumin, gaas at maging tahanan. Ang bunga ng puno ng buo—ang buko, ang kilalang pinakamahalagang bunga sa lahat ng bunga. Maraming produkto ang maaaring magawa nito na kinikilala ngayon sa buong mundo. Ang kopra o *dried*

kernel na produkto ng buko ay isa sa mga mahahalagang pinagmumulan ng langis. Langis na maaaring gamitin sa pagluluto o *copra cake* na pagkain naman ng hayop. Ang pabalat ng buko ay mapakikinabangan naman bilang langis o di kaya naman ang iba'y ginagawa itong uling. Ang maliliit na bao ay maaari naming gawing maliit na sisidlan, pandekorasyon, butones at iba pa. nakapagtataka nga lamang na sa dinami-dami ng naitutulong ng buko ay napakakakaunti ng mga nagsasaliksik ukol dito. Kadalasan pa nga'y tinatawag na "*man's most useful tree*" o 'di kaya nama'y "*the lazy man's crop*" dahil sa tumutubo ito kahit na hindi binabantayan o binibigyan ng maraming oras sa pangangalaga.

Dagdag naman pa ni Grimwood (1975), may iba't ibang katangiang taglay ang buko. Katangian—ang buko ay nadedebelop mula sa isang butil ng buto na kabilang sa tinatawag na *fibrous drupe*. Ang obaryo ng butong ito ay tinatawag na *tricarpellate* o buto na mayroong tatlong obaryo ngunit kadalasan ay isa lang ang nadedebelop sa mga ito. Ang bunga nito ay kadalasang biluhabang tinatawag at ang hugis nito ay depende sa variety nito na kadalasa'y higit na malaki kaysa sa ulo ng tao. Sa kabila ng malinis na panlabas na anyo na mga hibla-hiblang makakapal na bunot na karaniwang 5cm o depende sa pinagmulan o uri nito. Sa loob ng bunot ay isang matigas na *shell o endocarp* o ang mismong balat ng buko. Ang *shell* ay kadalasang may tatlong pahabang dulo na tumutukoy sa tatlong orihinal na *carpel* sa bulaklak hanggang sa ito ay maging bunga. Ang murang buko ay kadalasang punong-puno ng tubig na tinatawag na buko at nababawasan ito habang ito ay tumatanda. Ang laman o *endosperm* ng buko ay malambot na parang gelatin kung

ito ay mura pa, mula apat hanggang limang buwan at kapag tumatanda na ay tumitigas naman ito. Kadalasan kapag ang buko ay isandaa't animnapung (160) araw na ay buo na ang hugis nito at nabubuo na ang laman habang kapag dalawandaa't dalawampung (220) araw naman ay tumitigas na ang laman dahil ito ay tumatanda na. kapag tatlong daang (300) araw na, ang shell ay buong-buo na ang laman at matanda na ang mismong bunga. Sa pamumupol naman ng mga ito ay depende sa bilang ng kukunin ang magiging paraan at produktong nais na magawa. May mga pagkakataong hinahayaan na lang mahulog ang buko upang matiyak na ito ay hinog na hinog na.

Sa pagpapahinog o *storing/seasoning* naman, ang mga pinupol na buko ay karaniwang itinatambak sa isang lugar upang doon patandain. Umaabot sa apat na daang libo (400,000) hanggang limandaang libo (500,000) ang pinakamaraming naipagasamang buko.

Mga kagandahan ng pagsasama-sama ng mga buko:

1. Ang kahalumigmigan ng *endosperm* ay bahagyang bababa.
2. Tataas ang langis na taglay ng buko.
3. Kakapal ang *endosperm* at tataas ang magandang potensyal ng kopra.
4. Kakikitaan ng higit na debelop na *endosperm*
5. Ang pagbubunot ay higit na madali
6. Ang *shell* ay magiging mas malinis at magiging madali ang pagtatanggal ng balat.

7. Magkakaroon ng pagkakapare-pareho ang kalidad ng kopra dahil sa istandard at makabagong paraan ng pagpapatuyo ng mga ito.
8. Dahil sa magiging organisado ang pagpapatuyo ng kopra ay posibleng mabawasan ang trabahador na kinakailangan. Ito ay magiging malaking tulong sa mamumuhunan.
9. Ayon naman kay Woodroof (1979) sa kaniyang aklat na (Coconuts: Production, Processing, Products), ang buko ay nakilala na sa paggawa ng *soybeans*, mani, mais, sunflower, seed at palm kernel, ganoon din ang naipong laman ng buko ay maaaring gawing masarap na kendi at baked na pagkaing hindi kayang magawa ng mani o anumang bungangkahoy. Ang buko ay malayong-malayo pa kaysa sa maipakikita ng anumang istadistika sapagkat milyon-milyon sa mga tao sa mga tropikal na rehiyon ang nakadepende rito ang pamumuhay. Ito ay sinasabing parehong pangangailangan at kayamanan.

Dagdag pa ni Woodroof (1979), sa katotohanan, ang Pilipinas ay nangunguna sa sarbey ng may pinakamaraming nadedbelop na buko. Ito ang itinuturing na pinakaimportanteng bungang-kahoy sa bansa. Ang unang pagkilala sa buko ay napasimulan noon pang panahon ng mga Kastila.

Ang tunay na progreso sa agrikultural na aspeto ay naganap sa panahon ng pananakop ng Amerikano (1902-1934) na batay sa eksperimento, istasyon at paaralang pang-agrikultura at iba pang ahensiya. Ang panahon ng 1935-1941 ay kilala bilang panahon ng Komonwelt na panahon ng pagyabong ng

pagkokopra. Sa panahon ng mga Hapon ay nagbukas sa pagkakataon upang maging numero uno sa pinagkukuhanan ng kabuhayan ng buko. Sa taong 1946, nagsarili na ang Pilipinas sa larangan ng pagkokopra.

Sa ngayon, ang Pilipinas ay kinikilala bilang isa sa pinakamahusay at pinakakilalang tagapangalaga at tagapagdebelop ng buko sa buong Pilipinas at maging sa buong mundo sa kabuuan. Kitang-kita ang paglago ng pananim ng puno ng buko nang suriin ang istadistika ng bilang nito sa milyon mula ng taong 1911. Tinatayang ito ang kabuuang bilang ng mga nasabing puno: 41.7 (1911), 121.0 (1938), 164.3 (1963) at 240 (1976)

Binanggit din ni Woodroof (1979) ang metodo ng pagbebenta ng buko. Ang metodo para sa kaniya ay malawakang nagbabago. Unang-una nagbabago ang bentahan sa merkado batay sa produktong ibinebenta—kung ito’y sariwang bunga ng buko, makabago at espesyal na pagkaing buko o iba pang produktong gawa rito. Pangalawa ay nagbabago ang pagbebenta (*marketing*) sa laki ng operasyon. Kung ito ay maliit na pagkakakitaan, pandagdag lamang sa kabuhayan o tampok na trabaho o kabuhayan.

Ang pag-aaral ay isinagawa ni Woodroof (1979) sa limang munisipalidad ng Cavite na may kabuuang isandaa’t dalawampu’t anim (126) na mamumuhunan sa larangan ng pagdebelop ng buko. Mayroong 19, 034 bahagi ng kabuuang pinamamahalaan ng may-ari ng kabuhayan at 38, 024 naman ang ipinamamahala sa mga trabahador ng koprahan. Ito ay may kabuuang bilang na 814, 036 at 669, 361 buko na iniipon at ibinebenta. Sa kabuhayang

pinamamahalaan ng trabahador, ang tagapamahalang trabahador ay inaasahang mamupol, maglinis at magsagawa ng produkto batay sa pangangailangan. Sa tatlong beses na panahon ng pamumupol, dalawa sa mga ito ay ilalaan sa may-ari ng sakahan at isa lamang ang magiging sarili ng trabahador na siyang namamahala sa sakahan.

Dagdag pa ni Woodroof (1979), higit na malaki ang bilang at lakas ng kita sa pagkokopra sa mga buwan ng Nobyembre hanggang Enero kaya't sa kagustuhang lalo pang kumita ay nagtataas ng persyo sa bilihin ang mga mangongopra sa panahong ito.

Sa pag-aaral na ginawa ni Calairo (2006) kaugnay ng lalawigan ng Cavite, kapansin-pansin ang mga malalaking pagbabago sa ngayon sa buong lalawigan sapagkat naglipana ang mga dambuhalang establisimyentong dinarayo ng mga tao sa lalawigan. Ito ay bunsod na rin ng dami ng bilang ng mga taong mula sa iba't ibang mga lalawigan sa Pilipinas ay tumutungo sa Cavite dahil sa tahimik nitong paligid at ganda ng klima.

Nabanggit pa ni Calairo (2006) na ang patuloy na modernisasyon sa Cavite ay maliwanag na dulot ng galaw ng populasyon papasok at papalabas ng lalawigan. Ang mga tinatratong mga oportunidad tulad ng mababang upa sa pabahay, pagbubukas ng trabaho sa pabrika, paggawa ng daan patungo sa mga liblib na pook upang marating ng komunikasyon at transportasyon na pawang tumutugon sa paggalaw ng tao.

Dagdag pa ni Calairo (2006), sa kasasaysayan, ang pagpasok ng mga dayuhang mamumuhunan ang naging dahilan kung bakit ang industriyalisasyon sa lalawigan hanggang sa ngayon ay patuloy na nararanasan. Sa kabila ng industriyalisasyong nagaganap ngayon sa buong lalawigan nananatili ang pagkokopra bilang isa sa pinakahanapbuhay sa buong lalawigan ng Cavite.

Batay sa pag-aaral na isinagawa ni Guerrero (1982) na pinamagatang “A review of Welfare Issues in the coconut Industries”, nagsimula ang pagkokopra sa Pilipinas noong dinala ito rito noong ikalabindalawa hanggang ikalabintatlong siglo ng mga mananakop na mula sa archipelagong Indo-Malayan. Malawakan nang ginagamit ng mga Pilipino ang niyog sa paggawa ng alak, langis at suka noong mga panahong iyon ngunit hindi pa mulat ang mga ito sa iba pang maaaring maging produkto nito.

Taong 1642, sa panunungkulan ni Gobernador Heneral Sebastian Escuera, ang mga Pilipino ay naatasang magpalawak at magpayabong ng kanilang plantasyon ng mga niyog. Ang mga ito ay sinimulan nang imulat sa iba’t ibang maaaring magawa sa mga niyog na ito.

Magpasahanggang ngayon, malawak pa rin ang bilang ng mga Pilipinong ang hanapbuhay ay nakaangkla sa paggamit ng niyog sa mga produkto lalo pa sa mga munisipalidad at lungsod sa lalawigan ng Cavite.

2.2. Mga Kaugnay na Pag-aaral

Marami na ang mga nagtangka at patuloy na nagtatangkang mag-aral at bumuo ng mga glosaryo ngunit hindi naman maaaring makulong lamang at ihinto na ang talasalitaan o ang wika sa kabuuan sa mga nauna ng naisagawang mga glosaryo sapagkat ang wika ay patuloy na umiinog at nagbabago.

Sa pag-aaral ni Nomananap (2004), na Monolingwal na Glosaryo ng mga Leksikong Katutubo sa Pag-iirok sa Indang, Cavite, napatunayan na ang wika ay kaakibat ng kulturang ginagalawan. Tulad sa pag-iirok, mas magkakaunawaan at mapapaunlad ito kung ang mga taong kasangkot rito ay may sapat na kaalaman sa mga leksikong katutubo sa pag-iirok. Kaugnay nito, inaasahan ng mananaliksik na katulad ng napatunayan ng pananaliksik ni Nomananap (2004) ay makatulong ang glosaryong isasagawa nito hinggil sa pagkokopra. Idinagdag pa ni Nomananap (2004) na malaki ang maitutulong sa pagpapalawak ng talasalitaan ng Filipino kung patuloy na aalamin ang mga leksikong katutubo ng isang partikular na lugar upang mapalaganap ang hanapbuhay hindi lang sa kanilang lugar, kung hindi pati na rin sa ibang bahagi ng kapuluan.

Sa pag-aaral naman na isinagawa ni San Juan (2010), na Glosaryo ng mga Termino sa Panitikan, nabanggit niya na hindi maiiwasan ang panghihiram ng salita sa paggawa ng glosaryo sapagkat ang Pilipinas ay lubhang naimpluwensiyahan ng mga dayuhang bansa. Dagdag pa ni San Juan (2010), kailangang-kailangan sa estandardisasyon at intelektwalisasyon ng isang wika ang pagbuo ng mga glosaryo, tesawro at diksyunaryo sapagkat ang mga sangguniang

ito ay relatibong mas permanente at mas awtoritatibo pagdating sa pangangalap ng mga salitang lahok at pagbibigay-depinisyon sa mga ito. Bibilis ang komunikasyon kapag nakapagdebelop ng maraming glosaryo, tesawro at diksyunaryo sapagkat madaling mauunawaan ang sinasabi ng iba kahit sa unang pagkakataon pa lamang itong narinig. Bukod dito ay lalago rin ang kaalaman at yayabong ang karunungan kahit sa isang bansang malaon nang malaki ang kakulangan sa pondo para sa edukasyon. Ito ang kaisipang nagpamulat sa mananaliksik upang subuking bumuo ng glosaryo sa larangan ng pagkokopra na siyang pangunahing kabuhayan sa lalawigan ng Cavite na siyang tinitirahan ng mananaliksik.

Sa pag-aaral naman ni Dimayuga (1976) na pinamagatang *Isang Glosaryo ng mga Terminong Tekniko sa Lawak ng Pananahi, Pagluluto at Pagpapaganda*, nabanggit niya na ang mga terminong kinakailangang mapabilang sa pagsulat ng glosaryo ay kinakailangang tiyak na kaugnay sa larangang binibigyan ng pansin tulad ng pananahi, pagluluto at pagpapaganda. Ang pag-aaral na ito ay relatibong kaugnay ng pag-aaral na isinagawa ni Dimayuga ngunit magkaiba ng larangang binibigyang lahok. Gayunpaman nakatulong ang pag-aaral na ito upang makabuo ng sariling glosaryo ang mananaliksik batay sa larangang kanyang napili.

Sinang-ayunan naman ni Cassanova (1998) sa kaniyang pag-aaral na *Debelopment at Ebalwasyon ng Monolinggwala na Diksyunaryong Filipino sa Drama at Teatro* ang ideya ni Hartmann (2001) na ang pagsasagawa ng glosaryo ay hindi madali sapagkat kinaharap din niya ang suliranin sa paghanap ng mga kaugnay na aklat at pag-aaral upang maisakatuparan ang pananaliksik. Napatunayan ng

kanyang pag-aaral na magagamit ang Filipino sa larangan ng drama at teatro sapagkat marami-raming termino ring banyaga ang natumbasan niya sa Filipino. Gaya ni Cassanova, nagsagawa rin ang mananaliksik ng try-out sa mga nagkokopra upang isailalim sa balidasyon ang nabuong glosaryo. Bukod sa mga nagkokopra sumangguni rin ang mananaliksik sa mga guro na naninirahan at may kaalaman sa larangan ng pagkokopra.

Sa pananaliksik naman nina Falcutilla at Pacanas (2006) na Glosaryo ng mga Terminong Pang-edukasyon sa mga Disiplinang Guidance and Counselling at Human Growth; Learning and Development napatunayan na ang pagbibigay ng katumbas na salin ng mga termino sa dalawang asignaturang nabanggit ay katanggap-tanggap sa mga mag-aaral at guro. Isinagawa ng dalawang mananaliksik ang pangangalap at pagtatala ng mga termino sa larangang kanilang nabanggit. Ito ay katulad ng isinagawang pamamaraan ng mananaliksik sa kanyang pag-aaral kasama ang pagrerebisa ng glosaryo batay sa mga puna ng mga kasangkot sa pag-aaral.

Sa kabuuan, naniniwala ang mananaliksik na nakatulong ng malaki ang mga pag-aaral na ito upang makabuo ng isang glosaryo sa larangan ng pagkokopra. Ang glosaryong ito ay makadaragdag sa mga diksyunaryong naipalimbag nan a mayroong tiyak o partikular na larangang binibigyang-pansin.

KABANATA III

PAMAMARAAN NG PAG-AARAL AT PAGKUHA NG DATOS

Ang kabanatang ito ay tungkol sa mga hakbang na ginawa sa pag-aaral tulad ng pagkalap ng mga babasahing kaugnay sa iba't ibang larangang tungkol sa lalawigan ng Cavite bilang panimulang gawain, pangangalap ng mga salitang ginagamit sa pagkokopra sa Cavite, ang pagsasagawa ng kaukulang pagtatala sa mga salitang ginagamit sa pagkokopra partikular na sa pamamagitan ng pagkakaroon ng panayaam sa mga taong eksperto sa larangan ng pagkokopra, pagtataya ng kabisaan ng mga salitang nakalap na kung saan gagamitin ang dalawang paraan ng pagtataya: ang pagsubok n mga eksperto sa hambingang pagsusuri, pagtataya ng mga mag-aaral sa subok pang-unawa.

3.1. Disenyo ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay nauuri sa klasipikasyong deskriptibo o palarawang pananaliksik na karaniwang ginagamit sa mga pananaliksik at pag-aaral na ukol sa wika at kaugnay na disiplina.

3.2. Seting ng Pag-aaral

Isasagawa ang pag-aaral sa kabuuan ng lalawigan ng Cavite upang matiyak ang kabisaan ng mga salitang kaugnay sa pagkokoprang maitatala ng mananaliksik.

Ang pangalang Cavite ay nagmula sa salitang espanyol na “kawit” na mula sa salitang “kalawit” na nangangahulugang pagkakabit o pagkadikit sa isang bagay. Ang lalawigang ito ay malapit lamang sa sentro ng Pilipinas, ang Maynila.

Ang sukat nito na humigit kumulang 1,427.06 sq.m., na 8.72 bahagdan ng kabuuang sukat ng CALABARZON at 2.74 bahagdan ng kabuuang sukat ng buong rehiyon IV-A na siya namang bumubuo sa 0.48 na bahagdan ng kabuuan ng Pilipinas. Mayroon naming humigit kumulang tatlong milyong Pilipinong naninirahan sa lalawigang ito na binubuo ng anim na lungsod at labimpitong munisipalidad. Lumobo ang bilang ng mga naninirahan sa Cavite noong taong 1990 na naging simula ng pagbulusok at pag-arangakada ng iba’t ibang industriya sa lalawigan.

Inaasahan pa ang pagdami ng mga taong maninirahan sa lalawigan ng Cavite sa mga susunod na taong darating dahil na rin sa magandang mga tanawin at klima nito.

3.3. Mga Kalahok sa Pag-aaral

Ang magiging kalahok sa pag-aaral ay labing-pitong mangongoprang mula sa siyam na piling lugar sa Cavite. Ang mga lugar na ito ay ang Alfonso, Bacoor, Carmona, General Trias, Imus, Indang, Kawit at Silang. Purposive sampling ang isasagawang pamamaraan ng pagpili sa mga magiging kalahok upang matiyak na ang mga makikibahagi sa pag-aaral ay mga taong maalam sa larangan ng pagkokopra at sampung guro sa Filipino upang makatulong naman sa pagsusuri sa mga panumbas na ibibigay sa mga naitalang salitang ginagamit sa pagkokopra.

3.4. Mga Instrumentong Gagamitin sa Pag-aaral

Isang set ng talatanungan ang inihanda ng mananaliksik para sa mga mangongoprang magiging kalahok sa pag-aaral at isang set din ng talatanungan para sa gagawing pagsusuri ng mga guro sa Filipino kaugnay sa pagbibigay ng puna sa kahulugang ibinigay sa mga salita. Hinalaw at nirebisa ang talatanungang ginamit ni Virginia Dulfo (2005) sa kanyang tanging proyekto na kung saan ginamit niya ang 3-point scale sa pagsusuri sa mga aspekto ng glosaryo. Makikita sa Apendiks ang sipi ng talatanungang ito.

3.5. Mga Hakbang sa Pag-aaral

Isinagawa ng mananaliksik ang sumusunod na hakbang upang maisakatuparan ang kanyang pag-aaral:

3.5.1. Pagkalap at pagbabasa ng mga kaugnay na aklat at pag-aaral

Ang mananaliksik ay nagsimula sa pangangalap ng mga akdang kaugnay sa isinagawang pag-aaral. Ang mga babasahing maaaring mapabilang dito ay yaong mga tungkol sa pagbuo ng glosaryo, mga aklat tungkol sa lalawigan ng Cavite at lalo't higit ay tungkol sa pagkokopra sa Cavite. Kasama naman sa mga kinakailangang babasahin kaugnay sa pag-aaral tungkol sa pagbuo ng glosaryo o 'di kaya nama'y pag-aaral tungkol sa lalawigan ng Cavite.

3.5.2. Pagtatala ng mga salitang ginagamit sa pagkokopra

Matapos ang pagbasa sa mga kaugnay na literatura at pag-aaral, ang mananaliksik ay nagtala na ng mga salitang ginagamit sa pagkokopra na nakuha niya mula sa mga babasahing nabasa. Ito ay nangangahulugang na mula muna sa kaniyang kinapanayam ang unang bahagi ng pagtatala ng salitang lahok.

3.5.3. Pagsasagawa ng panayam sa mga maalam sa pagkokopra

Ang mananaliksik ay nagsagawa rin ng panayam sa mga maalam sa pagkokopra o ang mga nagsasagawa mismo ng pagkokopra. Itinala ng mananaliksik ang mga terminong ginagamit sa pagkokopra ng mga nagkokopra sa iba't ibang lugar sa Cavite. Inihanay din ng mananaliksik ang mga salitang nakuha mula sa mga nakapanayam na magkokopra maging ang mga bayan sa Cavite na gumagamit nito upang higit na masuri kung anu-anong mga salita ang dapat na isama at hindi isama sa gagawing glosaryo.

3.5.4. Pagbuo ng Glosaryo

Mula sa mga salitang naihanay ng mananaliksik kasama ang mga bayan sa Cavite na gumagamit ng mga salitang ito, pinili ng mananaliksik ang mga salitang maaaring isama sa glosaryo. Napansin ng mananaliksik na mayroong mga terminong ginagamit sa pagkokopra na iba ang tawag sa ibang bayan ng Cavite kaya minabutii ng mananaliksik na parehong ilagay ang katawagang ginagamit para sa tiyak na termino ng pagkokopra.

3.5.5. Pagsasagawa ng Balidasyon sa Kabisaan ng Glosaryo

Upang matiyak ang kabisaan ng mga salitang naitala na kaugnay sa pagkokopra ay pinasagot ang talatanungan sa mga magkokopra at sa mga guro sa Filipino na nagtuturo sa paaralang pinagtuturuan ng mananaliksik. Naglaan din ang mananaliksik ng espasyo sa talatanungan para sa mga puna at/o mungkahi ng mga kalahok sa pag-aaral.

3.5.6. Pagrebisa sa glosaryo

Nirebisa ang glosaryo batay sa mga puna at mga mungkahi ng mga kalahok sa pag-aaral at sa pamamagitan ng paulit-ulit na pagbasa ng mananaliksik sa binuong glosaryo.

KABANATA IV

PAGLALAHAD NG DATOS AT KINALABASAN NG PAG-AARAL

Ang kabanatang ito ay maglalahad ng mga datos at pagbibigay kahulugan sa kinalabasan ng mga ginawang hakbang sa pananaliksik. Sa pag-aaral na ito ay nakabuo ang mananaliksik ng isang monolinggwal na glosaryo ng mga salitang ginagamit sa pagkokopra sa Cavite.

4.1. Pagtatala ng mga Salita na Bubuo sa Glosaryo

Matapos ang pangangalap ng mga salitang maaaring maging pangunahing lahok (main entry) sa isasagawang glosaryo, bumuo muna ang mananaliksik ng isang tsart upang ihanay ang mga salitang ginagamit sa pagkokopra. Ang mga salitang lahok na ito ay mula sa pagbabasa at pakikipanayam ng mananaliksik sa mga mangongopra sa siyam na bayan ng Cavite. Nang mabuo ang dalawang-daan at dalawampu't tatlong (223) salitang nakalap na mga salitang lahok sa tulong ng mga umiiral na corpus, database at mga konsultant saka itinala ng mananaliksik ang mga salita nang paalpabeto at saka inihanay ng mananaliksik ang kahulugan ng mga salitang lahok batay sa pagkakagamit ng siyam na bayan sa Cavite. Gayunpaman, batay sa puna ng mga kapwa guro, para sa pinal na burador, ginawang iisa o uniform ng mananaliksik ang estilo ng pagtatala ng mga salitang lahok sa pamamagitan ng pagtatala ng salitang lahok na mas maraming bayan ang gumagamit. Pinagsama-sama ng mananaliksik ang mga salitang may iisang kahulugan para sa nakararaming bayan sa Cavite at siyang ginamit sa nabuong

pinal na glosaryo. Ilan sa mga halimbawang ito ay ang mga salitang kaing, lambanog, pag-uuling. Hangga't maaari ay sinunod ng mananaliksik ang palabaybayan ng mga Cavitenos pati na rin ang kultural na epekto ng mga salitang nakabase sa hanapbuhay na pangongopra. Ang prosesong ito ay hinango ng mananaliksik sa unang hakbang sa prosesong leksikograpikal ni Hartmann (2001) sa pagbubuo ng glosaryo.

4.2. Pagbuo ng Glosaryo

Inihanay ng mananaliksik ang mga salitang ginagamit sa pagkokopra kasama ang kahulugan nito para sa bawat bayan ng Cavite na kasama sa pag-aaral. Mula sa hanay na ito, nakita at nasuri ng mananaliksik na may iba't ibang salita o katawagan ang ginagamit para sa iba't ibang bayan kaya naman minabuti ng mananaliksik na ipanatili ang kahulugan at idagdag na lamang ang ibang katawagang ginagamit ng ibang bayan. Masusi ang paghahanay na ginawa ng mananaliksik ng sa gayon ay matiyak na ang lahat ng mga terminong ginagamit ay mabigyan ng angkop na pagpapakahulugan na nakabatay sa talagang ginagamit ng mga magkokopra.

Sa pagbibigay kahulugan ng mga salita, sinigurado ng mananaliksik na ang kahulugang kanyang itinala sa bawat salitang lahok ay yaong gamitin sa buong Cavite o maraming gumagamit upang maging mas pamilyar sa mga terminong ginagamit. Hindi naging mahirap ang pagbibigay sa mga salitang lahok dahil tiniyak ng mananaliksik na madaling unawain ang mga kahulugan batay sa kung paano ito

ginagamit sa larangan ng pagkokopra. Ang prosesong ito ay ibinatay muli ng mananaliksik sa ikalawang bahagi ng pagbuo ng glosaryo ni Hartmann (2001) na drescription.

4.3. Pagtataya ng Glosaryo

Matapos na maihanda ang burador ng glosaryo, isinailalim sa proseso ng balidasyon sa pamamagitan ng pagpapasagot ng talatanungan sa mga reactor: labing-pitong mangongopra sa lalawigan ng Cavite at sampung gurong nagtuturo sa Cavite State University. Nirebisa ang glosaryo batay sa mga puna at mungkahi ng mga respondent at sa pamamagitan din ng paulit-ulit na pagbasa ng mananaliksik sa binuong glosaryo para sa pagpapakinis nito. Ito ay nakabatay pa rin sa pag-aaral ni Hartmann (2001) na mayroong apat na prosesong leksikograpikal na sinusunod sa pagbuo ng diksyunaryo, ito ay ang presentation na tumutukoy sa panimulang pagpapalimbag at pagwawasto ng mga salitang lahok. Narito ang ilan sa mga hakbang na ginawa ng mananaliksik upang tayain ang nabuong glosaryo sa kanyang pag-aaral at pag-aanalisa ng mga salita.

4.3.1. Pagrerebisa sa Kahulugan ng Salita

Dating Kahulugan		Binagong Kahulugan
Ad-aran	Katumbas ng gayatan ngunit mas manipis ang nagagawang hibla ng niyog	Ginagamit sa pagpapanipis ng laman ng niyog.
Burigi	Ginagamit upang ipunin ang	Proseso ng pag-iipon ng hulog

	mga niyog na nahulog na nang kusa mula sa puno nito.	na niyog at paghahanda sa susunod na proseso.
Karit	Pakurbang patalim na ginagamit kung mataas ang pinuputol.	Ito ay ginagamit upang makuha ang niyog galling sa itaas ng puno. Nagsisilbing panungkit sa niyog.
Mangungupra	Tawag sa taong nagsasaka ng kopra.	Ang tawag sa taong kumukuha ng niyog at nagpoproseso nito.
Pagbibilad	Paraan ng pagpapatuyo ng niyog kung walang pugon kagaya ng pag-uuling.	Ito ang proseso kung saan ibinibilad ang nabiyak na niyog sa ilalim ng araw.

4.3.2. Ginawang iisa o uniform ang istilo ng pagtatala ng salitang lahok

Itinala ang mga salitang lahok sa pamamagitan ng pagtatala sa terminong Filipino bilang pangunahing salitang lahok subalit hindi nagtangka ang mananaliksik na hanapan ng katumbas sa Filipino ang bawat salitang lahok na nasusulat sa wikang Ingles o wikang sakop ng kulturang nakapaloob dito.

Halimbawa ng mga salitang Ingles na pinanatili bilang orihinal na salitang lahok ay ang mga salitang coco lumber, coconut viagra, preserved coconut, matured coconut, coconut water, coconut oil, coir at cocos nicifera. Samantala ang mga salitang lahok na pinanatili ang kulturang nakapaloob dito ay ang mga salitang lahok na

almacenamiento, baboy tailed macaques, bangkel, burgesyang kuprador, inicio, kernel, konsosilyo at puthaw.

4.3.3. Pagdaragdag ng mga salita sa glosaryo ayon sa rekomendasyon ng mga kalahok na guro sa pag-aaral. Ang mga sumusunod na salitang naidagdag ay ang apog, buli, bawok, dagarag, drupe, ekstrakting, gayatan, istambre, kinataman, kinipras, konde, malangga, lubi, palmera, pang-lugit, pontugan, paragos, saradsad, sitetikong gata, spike, timbun, tulyase, tumbong, tersera, upak, uyo at tangal.

4.4. Resulta ng Pagtataya

4.4.1. Resulta ng Pagtataya ng mga Magkokopra

Ipinakikita ng sumusunod na talahanayan ang resulta ng pagtataya ng labing-pitong magkokopra sa burador ng glosaryo.

Makikita sa talahanayan Blg. 1 ang tugon ng mga magkokoprang kalahok sa pagtataya. Sa una at ikalawang kraytiryang kung ang pagpapakahulugan ay malinaw at madaling maunawaan ng mga target na mambabasa at kung angkop ba ang mga salitang ginamit sa pagbibigay ng kahulugan o depinisyon, lahat ng labingpitong (17) magkokopra ay sumagot na ang nabuong glosaryo ay napakahusay kaya naman katumbas ito ng isandaang porsyento (100%).

Mapapansin naman sa ikatlong kraytiryang kung ang diwa ng salita ay naaayon sa diwa ng pagkokopra, labing-anim (16) na magkokopra ang sumagot na napakahusay at ito ay may katumbas na siyamnapu't apat na porsyento (94%). Isa

(1) lamang sa kabuuang bilang ng magkokopra ang nagsabing ito ay mahusay at ito ay may anim porsyento (6%).

Sa ikaapat at ikalimang kraytiryang kung taglay ng binuong burador ang himig at estilo ng kabuuan at kung makatutulong ba ito sa mga mag-aaral, guro, magkokopra at mananaliksik, ang lahat ng magkokopra ay sumagot na napakahusay kaya naman iyo ay mayroong isandaang porsyento (100%).

Sa kabuuan makikita sa talahanayan Blg. 1 ang resulta ng pagtataya ng mga magkokopra sa mga bahagi at kaangkupan ng glosaryo. Ayon sa resulta siyamnapu't siyam na porsyento (99%) ng mga magkokopra ang nagsasabing napakahusay ng binuong burador para sa lahat ng kraytiryang. Isang porsyento lamang ang nagsabing ang nabuong glosaryo ay mahusay.

Talahanayan 1: Resulta ng Pagtataya ng mga Magkokopra

KRAYTIRYA	3 (Napa- kahasay)	%	2 (Mahu- say)	%	1 (Hindi Mahu- say)	%
1. Ang pagpapakahulugan ay malinaw at madaling maunawaan ng mga target na mambabasa.	17	100%				
2. Angkop ang mga salitang ginamit sa pagbibigay ng depinisyon.	17	100%				
3. Ang diwa ng mga salita ay naaayon sa konteksto ng pagkokopra.	16	94%	1	6%		
4. Taglay ng bawat bahagi ng glosaryo ang himig at estilo ng kabuuan.	17	100%				
5. Makatutulong ang glosaryo sa mga guro, magkokopra, mag-aaral at mananaliksik.	17	100%				
Kabuuan:	84	99%	1	1%	0	0%

4.4.2. Resulta ng Pagtataya ng mga Guro

Narito naman ang resulta ng pagtataya ng sampung gurong kalahok sa pag-aaral.

Talahanayan 2: Resulta ng Pagtataya ng mga Guro

KRAYTIRYA	3 (Napa- kahasay)	%	2 (Mahu- say)	%	1 (Hindi Mahu- say)	%
1. Ang pagpapakahulugan ay malinaw at madaling maunawaan ng mga target na mambabasa.	10	100%				
2. Angkop ang mga salitang ginamit sa pagbibigay ng depinisyon.	9	90%	1	10%		
3. Ang diwa ng mga salita ay naaayon sa konteksto ng pagkokopra.	7	70%	3	30%		
4. Taglay ng bawat bahagi ng glosaryo ang himig at estilo ng kabuuan.	8	80%	2	20%		
5. Makatutulong ang glosaryo sa mga guro, magkokopra, mag-aaral at mananaliksik.	10	100%				
Kabuuan:	44	88%	6	12%	0	0%

Batay sa ipinakita ng Talahanayan Blg. 2, lahat ng guro ng kalahok o isandaang porsyento ang nagsasabing napakahusay ng binuong glosaryo sa aspekto ng pagpapakahulugan para madaling maunawaan ng target na mambabasa. Samantala siyam (9) na guro o siyamnapung porsyento (90%) ng mga kalahok ang nagpahayag na angkop ang mga salitang ginamit sa pagbibigay kahulugan o depinisyon.

Pitong (7) guro ng kalahok naman o pitumpung porsyento (70%) ang nagsabing napakahusay ng glosaryo kung ang pagbabatayan ay ang diwa ng mga salita ay naaayon sa pagkokopra. May tatlung porsyento (30%) o katumbas ng tatlong (3) guro ng kalahok ang nagsabing mahusay ang glosaryo sa nabanggit na aspekto.

Mayroon namang walumpung porsyento (80%) o walong (8) guro ng kalahok ang nagsabing napakahusay ng glosaryo batay sa ikaapat na kraytirya na taglay ng nabuong glosaryo ang himig at estilo ng kabuuan nito. Dalawa (2) lamang sa sampung kalahok na guro ang nagsabing sa aspektong ito ay mahusay ang glosaryo at ito ay may katumbas na dalawampung porsyento (20%).

Sa pinakahuling kraytirya kung makatutulong ang glosaryo sa mga guro, mag-aaral, magkokopra at mananaliksik ang lahat ng sampung (10) guro ng kalahok ay nagsasabing napakahusay ng glosaryo at ito ay katumbas ng isandaang porsyento (100%).

4.3. Pagsulat ng Pinal na Glosaryo

Batay sa mga puna ng mga kalahok sa pag-aaral, nirebisa ng mananaliksik ang glosaryo. Para sa pinal na burador, ginawang iisa o uniform ng mananaliksik ang estilo ng pagtatala ng salitang lahok sa pamamagitan ng pagtatala sa terminong ginagamit sa pagkokopra bilang pangunahing salitang lahok. Kasunod ng mga terminong ito ay matatagpuan ang kahulugan o depinisyon ng salitang lahok.

Pinakinis at pinalinaw pa ang depinisyon ng bawat salitang lahok sa pamamagitan ng paglalagay ng iba pang salita na ginagamit para sa ibang bayan ng Cavite sa magkakapareho nitong gamit o kahulugan. Isinaalang-alang din ng mananaliksik sa pagrerebisa ang mga sumusunod:

A. May mga salitang di agad maunawaan sa ibang lugar subalit kilala sa mga lugar kung saan kilala ang gawaing pagkokopra

B. May mga salitang may pagkakaiba ang pagpapakahulugan

Pagkatapos na magdagdag ng mga termino, ang glosaryo ay naglalaman na ng 250 (mula sa dating 223) na salitang lahok na may depinisyon o kahulugan. Nasa susunod na pahina ang talahanayan na nagpapakita ng bilang ng mga salitang lahok para sa bawat titik ng alpabetong Filipino:

Talahanayan 3: Bilang ng Lahok sa Bawat Titik ng Alpabetong Filipino

Titik	Bilang ng Lahok	Porsyento
A	9	3.6%
B	32	12.8%
C	6	2.4%
D	3	1.2%
E	2	0.8%
F	0	0
G	10	4%
H	4	1.6%
I	6	2.4%
J	0	0
K	32	12.8%
L	21	8.4%
M	16	6.4%
N	4	1.6%
N	0	0
NG	0	0
O	0	0
P	45	18%
Q	0	0

R	2	0.8%
S	23	9.2%
T	27	10.8%
U	6	2.4%
V	0	0
W	1	0.4%
X	0	0
Y	0	0
Z	0	0
KABUUAN	250	100%

Inaasahan na ang pinal na glosaryo ay makapag-aambag nang malaki sa pag-aaral at pagtuturo ng Filipino, alinsunod na rin sa positibong resulta ng balidasyon.

4.5. Kinalabasan ng Pag-aaral

Pagkatapos na maisagawa ang lahat ng hakbang sa pananaliksik, nabuo ng mananaliksik ang Glosaryo ng mga Termino sa Pagkokopra. Binubuo ito ng 250 salitang lahok na mula sa iba't ibang bayan sa lalawigan ng Cavite. Bawat salita ay binigyan ng malinaw na kahulugan sa Filipino at mayroong mga pagkakataon na naglagay ng karagdagang paliwanag ang mananaliksik ukol sa salitang lahok.

Bawat titik sa 28 letra ng Alpabetong Filipino ay may salitang lahok, maliban sa titik F, J, N, NG, O, Q, V, X, Y at Z. Samantala, pinakamaraming salitang lahok naman ang naitala sa titik P.

Napatunayan din ng kasalukuyang pag-aaral na mabisang gamitin ang mga katutubong salita sa iba't ibang bayan na siya naman talagang katawagan upang lubos na maunawaan ang mga kahulugan ng salita. Gayunpaman, hindi talaga maiiwasan ang paggamit ng mga salitang hiram lalo na sa wikang Ingles at mas makabubuti kung hihiramin ito ng buong-buo nang sa gayon ay lubos na maunawaan ang salitang binibigyang kahulugan sa glosaryo.

KABANATA V

LAGOM, KONKLUSYON, AT REKOMENDASYON

Sa kabanatang ito inilahad at binigyang tuon ang lagom ng ginawang pag-aaral gayundin ang konklusyong nabuo at rekomendasyong maibibigay sa resulta ng pananaliksik.

5.1. Lagom

Ang pag-aaral na ito ay nauukol sa pagbuo ng glosaryo ng mga katawagang ginagamit sa pagkokopra sa Cavite. Ito ay binubuo ng dalawandaa't limampung (250) salita o leksikong katutubo na kinalap at puspusing inaral ng mananaliksik upang makapagsagawa ng isang makinis na bersyon ng glosaryong maaaring makapagpaunlad at makapagpalaganap sa pagkokopra bilang isa sa mga hanapbuhay na makatutulong sa bawat Pilipino at glosaryo ng mga katawagan sa pagkokopra na makatutulong naman sa pagpapalawak ng wikang Filipino sa pamamagitan ng katutubong mga salita sa bansa.

Ang pag-aaral ay isinagawa sa tulong ng labingpitong nagtatanim ng kopra o mga magkokopra sa iba't ibang bayan sa lalawigan ng Cavite at sampung guro mula sa Cavite State University.

Una munang nakipanayam ang mananaliksik sa mga magsasaka ng kopra para sa mga salita na maaaring makasama sa mga salitang lahod ng glosaryo at pagkaraang mabuo ang burador nito ay ipinasuri sa mga magkokopra sa iba't ibang bayan ng lalawigan ng Cavite. Pagkatapos ay ipinataya rin sa mga guro ng

paaralang pinagtuturauan ng mananaliksik nang sa gayon ay makita kung ang sangguniang nabuo ay makatutulong hindi lamang sa mga magkokopra kundi maging sa mga guro at mag-aaral ng Cavite.

Batay sa mga puna at mungkahi ng mga kalahok sa pag-aaral, nirebisa at pinabuti pa ang laman ng glosaryo. Sa kabuuan, positibo ang naging resulta ng balidasyon ng glosaryo: Katanggap-tanggap ang glosaryo para sa labingpitong magkokopra at sampung guro na kinonsulta ng mananaliksik.

5.2. Konklusyon

Batay sa resulta ng mga nakalap na datos, narito ang mga naging konklusyon sa ginawang pag-aaral:

1. Napatunayan na ang wika ay kaakibat ng kulturang ginagalawan tulad sa pagkokopra. Higit na nagkaaunawaan at napauunlad ito ng mga taong kasangkot dito at may sapat na kaalaman sa mga leksikong katutubo sa pagkokopra.
2. Malaki ang maitutulong sa pagpapalawak ng talasalitaang Filipino kung patuloy na aalamin ang mga leksikong katutubo ng isang partikular na lugar sa Pilipinas upang mapalaganap ang hanapbuhay hindi lamang sa kanilang lugar kundi pati na rin sa iba pang lugar.
3. Napatunayang hindi basta-basta ang pagbuo ng glosaryo dahil kinakailangang dumaan ito sa maingat na pamamaraan at kailangan ng sapat na kaalaman sa wikang pinag-aaralan at pinagbabatayan ng mananaliksik.

4. Ang pagbuo ng glosaryong ito ay makatutulong upang sumibol pa ang leksikograpiyang Filipino dahil sa ngayon lumalabas na karamihan sa mga pananaliksik ay nakatuon lamang sa ilang sangay ng pag-aaral.

5.3. Rekomendasyon

Batay sa ginawang pag-aaral, inilahad ang mga sumusunod na rekomendasyon:

1. Patuloy na paunlarin ang wikang Filipino sa pamamagitan ng patuloy na paggamit at pagpapaunlad ng mga wikang katutubo sa Pilipinas.

2. Patuloy na makiisa sa mga napapanahong seminar-worskyap hinggil sa pagpapaunlad ng wika upang patuloy na maging maalam sa makabagong kaalaman ukol sa iba't ibang larangan

3. Magsagawa ng mga kaugnay na pag-aaral/ pananaliksik upang hindi manatili ang mga katanungan sa kahon na hindi mabigyan ng kasagutan dahil sa kawalan ng panahon upang hanapan ang mga ito ng sagot sa pamamagitan ng pagsasaliksik.

4. Gamitin ang mga salitang naitala sa glosaryong isinagawa ng mananaliksik upang makilala't mapaunlad ang larangan ng pagkokopra.

5. Maaaring bumuo ng glosaryo na magtatampok ng iba pang larangan sa paghahanapbuhay.

MGA SANGGUNIAN

Mga Aklat:

Lokal

Arrogante, Jose A. & Ayuyao, Nunilon G. & Lacanlale, Vilma M. 2004. Panitikang Filipino (Antolohiya) Binagong Edisyon. National Book Store, Mandaluyong City.

Arrogante, Jose A. 1991. Mapanuring Pag-aaral ng Panitikang Filipino. National Book Store, Inc. Quezon City.

Bernales, Rolando et al. 2009. Akademikong Filipino para sa Kompetitibong Pilipino. Mutya Publishing House.

Buensuceso, T.S. et al. 1990. Masaklaw na Filipino. Rex Printing Company. Quezon City.

Ferguson, Charles A. 1971. Language Structure and Language Use. Standord University Press. California

Santiago, Alfonso O. 1997. Panimulang Linggwistika. Rex Book Store.

Internasyonal

Hartmann, R.K.K. 2001. Teaching and Researching Lexicography. Pearson Education Limited, Edinburgh, England.

Jackson, Howard. 2002. Lexicography-An Introduction. Routledge, London

Zgusta, Ladislav. 1971. Manual of Lexocorgraphy. Academia Publishing House of the Czechoslovak Academy of Science, Prague

Mga Pag-aaral:

Lokal

Cassanova, A.P. 1998. Debelopment at Ebalwasyon ng Monilinggwal na Diksyunaryong Filipino sa Drama at Teatro. Pamantasang Normal ng Pilipinas. Maynila.

Dimayuga, S.T., 1976. Isang Glosaryo ng mga Terminolohiyang Tekniko sa Lawak ng Pananahi, Pagluluto, Pagpapaganda. Pamantasang Normal ng Pilipinas

Estareja, A.O. 2003. Glosaryong Ingles-Filipino ng mga Tambalang Salita at Parirala ng Ginagamit sa Iba't ibang Lawak ng Pakikipagtalastasan. Pamantasang Normal ng Pilipinas.

Falcutila R.F. 2006. Glosaryo ng mga Terminong Pang-Edukasyon sa mga Disiplinang Guidance and Counseling at Human Growth Learning and Development. Pamantasang Normal ng Pilipinas. Maynila.

Igaya, L.A. 1999. Glosari ng mga Terminong Pangkalusugan. Philippine Council for Health Research and Development. Pamantasang Normal ng Pilipinas. Maynila.

Nomananap, M.L. 2004. Monolinggwal na Glosaryo ng mga Leksikong Katutubo sa Pag-iirok sa

Indang, Cavite. Pamantasang Normal ng Pilipinas. Maynila

Guerrero, S. 1982. A Review of Welfare Issues in the Coconut Industries

San Juan, D.M. 2010. Glosaryo ng mga Termino sa Panitikan. Pamantasang Normal ng Pilipinas, Maynila

APENDIKS

- A. Larawan ng Pag-irok
- B. Mapa ng pinagkuhanan ng datos
- C. Talatanungan sa sa mga Kalahok
- D. Mga Kalahok na Nakibahagi sa Pananaliksik
- E. Talaan ng mga Salitang Ginamit sa Pagkokopra sa Cavite
(Mga Salitang Nalikom mula sa Pakikipanayam sa Mangongopra)
- F. Glosaryo ng mga Katawagang Ginamit sa Pagkokopra sa Cavite
- G. Curriculum Vitae ng Mananaliksik


APENDIKS A





APENDIKS B

Map of Cavite



APENDIKS C

KRAYTIRYA	3 (Napa- kahasay)	%	2 (Mahu- say)	%	1 (Hindi Mahu- say)	%
1. Ang pagpapakahulugan ay malinaw at madaling maunawaan ng mga target na mambabasa.						
2. Angkop ang mga salitang ginamit sa pagbibigay ng depinisyon.						
3. Ang diwa ng mga salita ay naaayon sa konteksto ng pagkokopra.						
4. Taglay ng bawat bahagi ng glosaryo ang himig at estilo ng kabuuan.						
5. Makatutulong ang glosaryo sa mga guro, magkokopra, mag-aaral at mananaliksik.						
Kabuuan:						

APENDIKS D

Mga Kalahok na Nakibahagi sa Pananaliksik

Mga Gurong kalahok (mula sa Cavite State University)

- | | |
|---------------------------|--------------------------|
| 1. Guillermo S. Alvarez | 6. Emeliza T. Cruz |
| 2. Mylene A. Ardina | 7. Jennifer S. Hernandez |
| 3. Jeffrey A. Ancheta | 8. Rey Ann M. Maramag |
| 4. Bobadilla C. Christine | 9. Cynthia U. Nartatez |
| 5. Efren R. Crucena | 10. Maribeth Rieta |

Mga Magkokoprang Kalahok sa Ibat'ibang Bayan ng Cavite

- | | |
|-----------------------|------------------------|
| 1. Amelia Alamoden | 10. Gervacio Penalaba |
| 2. Alfredo Bago | 11. Estelita Rodis |
| 3. Restituto Bautista | 12. Lucita Romen |
| 4. Ricardo Diloy | 13. Dominador Rupido |
| 5. Sopronio Fidel | 14. Catalina Salvacion |
| 6. Oprano dela Cruz | 15. Isagani Tanael |
| 7. Adelaida Manaig | 16. Juliana Vidallo |
| 8. Isabelita Nonato | 17. Susan Vidallo |
| 9. Letty Nuestro | |

APENDIKS G

CURRICULUM VITAE NG MANANALIKSIK

MARILOU SILAN- MATILLA

#49 Bo. Guyam Indang Cavite

E-mail address: mariloumatilla@yahoo.com.ph

I. EDUCATION

Graduate Level: PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY
TAFT AVENUE, MANILA
Master of Arts in Teaching Filipino
Graduated Oktubre , 2012

Tertiary Level: Adamson University
900 San Marcelino St.
Ermita Manila 1000
Bachelor of Secondary Education
Major in Filipino

1990-1991

Secondary:

Saint Gregory Academy

Indang, Cavite

1984-1985

Elementary level:

Lumampong Halayhay Elementary School

Indang, Cavite

First Honorable Mention

1981-1982

II. PERSONAL DATA:

Date of Birth : March 19, 1968

Place of Birth : Indang Cavite

Age : 44 yrs. Old

Height : 5'2"

Weight : 101 lbs.

Sex : Female

Citizenship : Filipino

Civil Status : Widow

Father : Juan Silan (deceased)

Mother : Flora Pagkaliwangan

III. WORK EXPERIENCE

1. Instructor

Cavite State University

Main Campus, Indang, Cavite

June 1999- present

2. Purser

Discovery Cruises

Fort Lauderdale, Florida U.S.A

1994-1997

3. High School Teacher

Gen, Mariano Alvarez Tech. High School

Gen. Mariano Alvarez Cavite

1991-1994

IV. POSITION HANDLED

Office In-Charge

Department of Languages and Mass Communication

College of Arts And Sciences

Cavite State University

Main Campus, Indang Cavite

April 1- present